

Pangalan: _____

Petsa: _____

Marka: _____

65

I. Isulat sa wastong kolum ng tsart ang mga panghalip na nasa kahon. (10 puntos)

iyo	tayo	sila
ako	akin	ka
atin	amin	inyo
kanila		

Paari	Palagyo

II. Salungguhitan ang panghalip sa bawat pangungusap at isulat sa patlang kung ito ay *paari* o *palagyo*. (20 puntos)

_____ 1. Sa akin ibinigay ni nanay ang susi ng bahay.

_____ 2. Siya ba ang bago mong kaibigan?

_____ 3. Ako na lang ang maglilinis ng bahay.

_____ 4. Nabalik na sa kanya ng pulis ang nawawalang gamit.

_____ 5. Kami ang nanalo sa paligsahan noong nakaraang buwan.

_____ 6. Sa iyo na lang itong natirang pagkain ni Mark.

_____ 7. Ikaw na ang magpasa ng proyekto ni Gela.

_____ 8. Sa kanila pinahiram ang kotse.

_____ 9. Sa amin ang bahay malapit sa paaralan.

_____ 10. Tayo na ang maglalaro ng basketball.

II. Bilugan ang naaangkop na panghalip pananong sa bawat pangungusap. (10 puntos)

1. (Gaano , Magkano) mo kamahal ang mga magulang mo?
2. (Ano , Sino) ang paborito mong pagkain?
3. (Alin , Ilan) ang dala mong pera ngayon?
4. (Magkano , Sino) ang nakakakilala kay Michael Jackson?
5. (Magkano, Ano) ang lahat ng nagastos mo?
6. (Gaano , Alin) ang mas matibay na kawayan?
7. (Sino , Ano) ang pwedeng magdala ng kasangkapan bukas?
8. (Ilan , Gaano) ang nahanap mong bato?
9. (Ano , Magkano) ang natapos mong proyekto kagabi?
10. (Alin , Gaano) kalaki ang binili mong karton?

III. Gamitin ang mga sumusunod na panghalip panaong sa pangungusap. (5 puntos)

1. Ano

2. Sino

3. Ilan

4. Magkano

5. Gaano

IV. Kahunan ang pandiwa sa bawat pangungusap. (10 puntos)

1. Ang tatay ko ang maghahatid sa akin mamaya sa paaralan.
2. Mabilis tumakbo ang kaibigan kong si Ben.
3. Masarap magluto ang aming kusinera.
4. Marunong na akong magmaneho ng kotse.
5. Mahilig magbasa ang kapatid ko ng mga nobela.
6. Mahusay sumayaw ang kaklase kong si Kristine.
7. Nanunuod ng telebisyon ang aking lola sa kwarto.
8. Si Simon ay magaling gumuhit ng komiks.
9. Mabilis lumangoy ang pinsan ni Phil.
10. Hinagis ni Shane ang bola sa court.

V. Isulat sa patlang ang pandiwa na inilalarawan sa bawat bilang. Pumili sa mga pandiwa sa kahon. (10 puntos)

magsipilyo	maligo	labhan
sumigaw	magsulat	kumain
umakyat	magbihis	matulog
umiyak		

- _____ 1. bigyan ang katawan ng sustansya upang lumusog at lumakas.
- _____ 2. ipahinga ang katawan nang buong gabi.
- _____ 3. linisin ang mga ngipin upang hindi ito masira.
- _____ 4. magpalit ng suot na damit.
- _____ 5. pumunta sa mas mataas na lugar.
- _____ 6. ginagawa tuwing nalulungkot o nasasaktan.
- _____ 7. gumamit ng sabon at tubig upang malinisan ang maduduming mga damit.
- _____ 8. gawing mas malakas ang boses upang mas marinig ng kausap.
- _____ 9. linisan ang katawan gamit ang sabon at tubig.
- _____ 10. gumamit ng lapis o ballpen.